
# Maghukay ng Kanal
## (Ang Kwento ng Katawa-tawang Pananalig, Unang Bahagi)
**A Lord's Flock Worship Topic**

Ni: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder

Agosto 23, 2025

Ang katawa-tawang pananalig ay isang pag-angat ng pananampalataya na tila walang katotohanan ngunit itinutulak nito ng malalim na tiwala sa kakayahan ng Diyos na magsagawa ng mga himala at maipatupad ang Kanyang kalooban. Ang isinalaysay sa Bibliya sa kwento ni Elisa at ang tatlong hari, na ang malalaking layunin ay nangangailangan ng maliliit, masisigasig na pagkilos (2 Hari 3; 1-27). Ang mga hari ay nagsanib pwersa upang labanan ang hari ng Moab, ngunit nawalan ng tubig ang mga hukbo pagkatapos ng pitong araw nilang pamamartsa. Nagpasya silang humingi ng tulong kay Propeta Elisa, na nanalangin, sumamba at nakinig sa mensahe ng Diyos bago niya ibinigay sa kanila ang mga tagubilin ng Diyos na "maghukay ng kanal" (2 Hari 3). Talaga nga, ang pananampalataya ay nagpapabago sa puso ng Diyos, at nakikiusap na tumugon Siya.




1. **Ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang pabor ng Diyos?**
   - 1.1 **Humingi ng direksyon sa Panginoon** (1 Cor. 10:13). Gagabayan Niya tayo kung saan pupunta at kung kailan tayo hahakbang.
   - 1.2 **Magkaroon ng pananalig sa Diyos** (Heb. 11:1). Ang pananampalataya ay dapat hindi nakabase sa nakikita natin ngunit sa paniniwala na Siya ang tunay na Diyos na kayang gawin ang lahat. Ang pananalig ay hindi naghahanap ng patunay na ang ulap ay nagdadala ng ulan, ngunit Diyos ang nagsasabing may dadaloy na tubig. Kaya, nais Niyang maghukay tayo ng kanal na may pangako na pupunuin ito ng pananalig ayon sa Kanyang kagustuhan.
   - 1.3 **Kumilos nang may pananampalataya.** Kung walang gawa, patay ang pananalig (Sant. 2:17). Isagawa ang napakinggan (Sant. 1:22).
   - 1.4 **Lumakad na may pananampalataya** (2 Cor. 5:7). Ang totoong pananampalataya ay nakikita kung nakararanas ng isang mahirap na pagsubok, pagtitiwala na tutulungan tayo ng Diyos na maresolba ito.
   - 1.5 **Tiwala sa Diyos.** Kung sinabi ng Diyos na gawin mo, gawin mo. Hindi kailangan ng ulan o ilog para magkaroon ng tubig ang hukbo. Ang ating pananalig sa Diyos ay nagiging biyaya dahil umaasa tayo sa Kanya.
   - 1.6 **Umasa ng himala mula sa Diyos.** Lahat sila ay binigyan ng tubig kabilang ang kanilang mga hayop (2 Hari 3:20). Akala ng mga Moabita ay dugo ang tubig kaya tumakas sila. Samakatuwid, talo ang kanilang hari.
   - 1.7 **Maging matapat** (Heb. 11:6). Naghahanap ang Diyos ng taong susunod agad-agad para maipatupad ang Kanyang mga himala.
   - 1.8 **Maging walang laman na sisidlan para sa Diyos** (2 Hari 4:2). Gumagamit ang Diyos ng mga walang laman na sisidlan para sa Kanyang kaluwalhatian. Dapat nating alisin ang ating sarili para punan tayo ng Diyos.
   - 1.9 **Maging masunurin sa mga utos ng Diyos.** Humanda tayong tumanggap ng biyaya ng Diyos. Kailangan lang sundin Siya (Deut. 28).

**Konklusyon:** Ang ilan sa atin ay may mahalagang pangangailangan. Ihinto ang pagsasabi ng "Paano kung…" Sumunod lang sa Kanya para matanggap ang Kanyang mga biyaya. Kung nais ng Diyos na may gawin tayo, matuto tayong humakbang maski di natugunan ang ating pangangailangan. Hindi natin kailangang lubusan maunawaan para sumunod. "Ang tunay na pananampalataya ay may malaking paniniwala ngunit handang magsimula sa maliit."

**Pagninilay**:

1. Sapat ba ang iyong pananampalataya upang sundin ang Panginoon kahit na sa tingin mo ay kakatuwa ito?
2. Paano mo malalaman kung ang mga tagubilin ay mula sa Diyos?
3. Handa ka bang maging isang himala para sa Diyos?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Inedit ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Kahulugan #Layunin